**DepEd ADVISORY No. 392, s. 2010**
**In compliance with DepED Order No. 39, s. 2009**
**this Advisory is issued for the information of DepEd officials and personnel**
**(visit DepEd website at www.deped. gov.ph)**
**November 26, 2010**

## AMBAGAN: PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA PAGLIKOM NG MGA SALITA MULA SA IBA'T IBANG WIKA SA FILIPINAS

Ang Filipinas Institute of Translation (FIT), Inc. ay magdaraos ng **Ambagan: Pambansang Kumperensiya sa Paglikom ng mga Salita Mula sa Iba't ibang Wika sa Filipinas** sa Setyembre 14-16, 2011 sa Pulungang Recto, Bulwagang Rizal, Kolehiyo ng Arte at Literatura, UP Diliman, Quezon City.

Ang layunin ng kumperensiyang ito ay ang mga sumusunod:

a. kilalanin ang probisyong pangwika ng Konstitusyong 1987, Artikulo VIV, Seksiyon 6 na: "Ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino. Samantalang nalilinang, ito ay dapat payabungin at pagyamanin pa salig sa umiiral na mga wika ng Pilipinas at sa pang mga wika;"
b. magpanukala ng isang estratehiya sa pagpapayaman ng wikang Filipino—ang paghalaw mula sa kaban ng bokabularyo ng iba't ibang wika sa Filipinas upang ilahok sa korpus ng wikang pambansa;
c. maitampok ang mga salitang may natatanging kahulugan sa kultura at kasaysayan ng grupong etnolingguwistiko;
d. mabigyang modelo ang mga gumagamit ng iba't ibang wika sa Filipinas upang sila mismo ay mag-ambag din sa pagpapaunlad ng wikang pambansa; at
e. maipasok sa mga diksiyonaryong Filipino ang mga ipapanukalang salita.

Ang tagapangulo at miyembro ng kaguruan ng Kagawaran ng Filipino sa bawat paaralan ang dapat dumalo sa kumperensiyang ito. Maaari ding dumalo ang mga iskolar, estudyante ng wika, araling Filipino, lingguwistika, *lexicography*, antropolohiya, at mga kaugnay na disiplina sa lahat ng antas ng pag-aaral.

Magbabayad ang dadalo ng Tatlong Libong Piso (PhP3,000.00) bilang kabayaran sa rehistrasyon para sa *conference kit,* sertipiko, pagkain at mga *handout.* Ang 10% deskuwento ay ibibigay para sa mga makapagpaparehistro at makapagbabayad bago ang Agosto 12, 2011.

Ipadala ang inyong reserbasyon bago ang Setyembre 2, 2011 kay, Bb. Eilene Narvaez o Gng. Angelie Mae Cezar, mga Tagapangasiwa ng Kumperensiya, sa Filipinas Institute of Translation, Inc., c/o UP Sentro ng Wikang Filipino, 3/F School of Urban and Regional Planning Bldg., E. Jacinto St., UP Diliman, Lungsod Quezon, 1101 o makipag-ugnay sa telepono blg.: (02) 981-8500 lokal 4583 o sa telefax blg.: (02) 924-4747 o mag-email sa ambagan2011@yahoo.com at filipinas.translation@gmail.com.